**Aralin 1:**

## ANG MGA KARAPATAN NG DIYOS

**Layunin:** ***Upang maitatag ang mga karapatan ng Diyos sa Kanyang Nilikha***

**Panimulang Tanong:** Ano ang pangkaraniwang kaisipan tungkol sa kaugnayan ng tao sa Diyos?

**Mga Posibleng kasagutan:**
(a) Hinahayaan Niyang magyari ang mga bagay sa buhay ng tao.
(b) Nagbibigay ng mga pagpapala sa mga tao.
(c) Nagpapatawad at umuunawa sa mga kahinaan ng tao.
(d) Humihingi ng pagsunod at pag-ibig mula sa tao.

> Ang mga kasagutang ito ay tama, ngunit ang sagot ng nakikinig ang magbibigay sa'yo ng kaisipan tungkol sa kanyang espirituwal na katayuan.

**Basahin:** Genesis 1:26,27

- Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan nang ayon sa Kanyang wangis.

**Tanong –** Ano ang pangunahing relasyon na namamagitan sa Diyos at sa tao?

*Relasyon ng Manlilikha -- Nilikha*

**Paghahalintulad:** Ano ang mga karapatan ng inbentor/lumikha sa kanyang inbensiyon o nilikha?

> Alamin kung ang nakikinig ay tinatanggap niya na ang Diyos ang kanyang Manlilikha; maging bukas sa kanyang personal na problema o pagtutol dito.

**Mga Posibleng Sagot:**
(a) siya'y paglingkuran nito
(b) pakinabangan o kumita ng pera mula dito
(c) Sumasalamin ng personalidad ng imbentor o lumikha
(*Hal: Paintings, sculptures, Mga Awitin*)

- Ano ang maaring angkinin ng Diyos sa tao bilang Manlilikha?

**Basahin:** Awit 100:2,3 "*Maglingkod kayo sa PANGINOON na may kagalakan; magsilapit kayo sa Kanyang harapan na may awitan. Kilalanin ninyo na ang PANGINOON ay Diyos! Siya ang lumalang sa atin, at tayo'y sa Kanya; tayo'y Kanyang bayan, at mga tup ang Kanyang pastulan.*"

(a) Ang tao ay nilikha upang magkaroon ng masayang kaugnayan sa Diyos
- Ang tao ay dapat magsaya sa karapatan ng Diyos sa kanya.

(b) Ang tao ay nilikha upang maging katulad ng Diyos ang pag-uugali o katangian.
- *Tandaan:* Ito ang dignidad ng tao (di tulad ng sa hayop)

**Basahin:** Roma 11:36 "*Sapagkat mula sa Kanya, at sa pamamagitan Niya, at para sa Kanya ang lahat ng mga bagay. Sumakanya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen"*

- Ang tamang tugon sa saklaw na karapatan ng Diyos:
  - *"mula sa Kanya"* = pinagmulan; sa Diyos nagbuhat ang lahat ng bagay.
  - *"sa pamamagitan Niya"* = nagpapanatili; ang Kanyang kapangyarihan ang nagpapanatili sa lahat ng bagay
  - *"para sa Kanya"* = layunin; ang Kanyang kaluwalhatian ang layunin ng lahat ng bagay

- Ang biblikal na kapahayagan ng pagkilala sa mga karapatan ng Diyos*: **SA KANYA ANG KALUWALHATIAN***
  - **pagluluwalhati sa Diyos** = pagsamba; paglilingkod; pagsunod; pagtitiwala

| Bigyang diin ang bahagi na babagay ng husto sa nakikinig |
|---|

= pag-uugali at pagkilos na nagbibigay karangalan sa Diyos (*1 Corinto 10:31*).

**Mga Mapanuring Tanong:** Ang ating buhay ba ay naghahanap ng ikaluluwalhati ng Diyos?

(1) Kinikilala mo ba ang Diyos bilang Manlilikha na may mga karapatan sa iyo?
(2) Ang iyong buhay ba ay kumikilala sa mga karapatang ito upang unahin ang Kanyang kaluwalhatian?
(3) May nararamdaman ka ba na tila ang Diyos ay malayo o laban sa iyo?

**Mga Patunay na Talata (Optional):**

(1) Ang Diyos bilang Manlilikha

- Kasaysayan ng Paglikha – Genesis 1 & 2
- Ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay – Awit 33:6; 102:25; Isa. 40:26; 45:12; Gawa 17:24; Pahayag 4:11; 10:6

(2) Pagluluwalhati sa Diyos bilang katungkulan ng tao

- Itinatangi ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian – Isa 42:8; 48:11
- Ang tao'y dapat nagbibigay luwalhati sa Diyos sa buong buhay – 1 Corinto 10:31

**Aralin 2:**

## ANG KAUTUSAN NG DIYOS

**Layunin:** *Upang mabigyang linaw ang kaugnayan ng tao ayon sa kautusan; at ano ang katayuan ng tao sa harap ng kautusan ng Diyos.*

**Panimula:** Kapag ang mga batas / kautusan ay ginawa at ipinatupad sa kahit anong lugar (*Hal. Bansa o samahan*), ang mga ito'y pinagtitibay…

- Upang magkaroon ng kaayusan sa buhay ng mga nasa komunidad / o anumang samahan.
- Upang parusahan ang mga lumalabag dito. (*Tandaan:* kung ang batas ay walang katapat na parusa, halos wala rin itong pinagkaiba sa walang batas / kautusan.)

 ***Pagtanggap sa MORAL NA KAUTUSAN ng Diyos*** –
ito'y ipinaliwanag ng Biblia sa Sampung utos ng Diyos

**Basahin:** Deuteronomio 4:13 *"At Kanyang ipapahayag sa inyo ang Kanyang tipan na Kanyang iniutos na inyong ganapin, samakatuwid ay ang sampung utos; at Kanyang isinulat ang mga ito sa dalawang tapyas na bato."*

| |
|---|
| Alamin ang pakiramdam ng nakikinig kung malaman na siya'y nasa ilalim ng kautusan ng Diyos. Tandaan ang mga alam niya sa 10 utos – ano rito ang kanyang mga nalalaman? |

*ANG BUOD NG KAUTUSAN NG DIYOS*

**Basahin:** Mateo 22:36-40

| |
|---|
| Bigyang diin ang bahagi ng Sampung Utos na mangungusap sa kalagayan ng nakikinig. |

- ***Ibigin ang Diyos ng higit sa Lahat***
  **Una** – *"Walang ibang diyos maliban sa Akin"* – walang katunggaling katapatan sa Diyos
  **Ika-2** – *"Huwag luluhod sa kahit anong imahen"* – Espirituwal na pagsamba
  **Ika-3** – *"Huwag gamitin ang ngalan ng Diyos sa walang kabuluhan"* – paggalang sa Diyos at sa Kanyang nilikha o ginawa
  **Ika-4** – *"Igalang ang Araw ng Pamamahinga"* – maglaan ng isang araw para sa Pagsamba

- ***Ibigin ang kapwa gaya ng sarili***
  **Ika-5** – *"Igalang mo ang iyong ama at ina"* – paggalang sa may katungkulan o awtoridad
  **Ika-6** – *"Huwag kang papatay"* – pagbibigay ng halaga sa buhay at pagkatao ng kapwa
  **Ika-7** – *"Huwag kang mangangalunya"* – katapatan sa pag-aasawa
  **Ika-8** – *"Huwag kang magnanakaw"* – paggalang sa pag-aari ng kapwa
  **Ika-9** -- *"Huwag sasaksi sa di katotohanan"* -- katapatan sa katotohanan
  **Ika-10** – *"Huwag kang mag-iimbot"* – kalinisan ng motibo at kaisipan

| |
|---|
| Tandaan ang posibleng hayagan na paglabag ng taga pakinig sa kahit anong kautusan, ito ang pagtuunan. |

***MGA MALING PANGKASALUKUYANG KAISIPAN***

***kung ano ang relasyon ng tao sa kutusan ng Diyos:***

(c) ***Kaisipan # 1*** *– "Walang sinumang perpekto. Hindi talaga tayo inaasahan ng Diyos na seryosong sundin ang lahat ng kautusan."*

**Basahin:** Galacia 3:10 (cf. Santiago 2:10) *Sapagkat ang lahat ng umaasa sa mga gawang kautusan ay nasa ilalim ng sumpa; sapagkat nasusulat, "Sumpain ang bawat isang hindi sumusunod sa lahat ng bagay na nasusulat sa aklat ng kautusan."*

-  Ano ang resulta ng paglabag sa kautusan ng Diyos?
  ***SUMPA*** – May nakalaang kaparusahan ang Diyos

(d) ***Kaisipan # 2*** *– "Sinusubukan kong sundin ang lahat ng kautusan ng Diyos. Natutuwa na Siya sa akin."*

**Basahin:** Roma 3:19,20 *Ngayon ay nalalaman natin na anumang sinasabing kautusan, iyon ay sinasabi sa mga nasa ilalim ng kautusan; upang matahimik ang bawat bibig, at ang buong sanlibutan ay mapasailalim ng hatol ng Diyos. Sapagkat sa pamamagitan ng kautusan ay 'walang tao na ituturing na ganap sa paningin niya,' sapagkat sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala sa kasalanan.*

-  Ano ang idinulot ng kautusan ng Diyos sa moralidad ng tao?
  ***NAMULAT SA KASALAN*** – nasa ilalim ng kaparusahan / hatol ng Diyos

**Basahin:** Mateo 5:21, 22, 27, 28 *...ang bawat napopoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman... ang bawat tumitingin sa isang babae ng may pagnanasa ay nagkasala na sa kanya ng pangangalunya sa kanyang puso.*

-  Hanggang saan ang inasahan ng Diyos na pagsunod natin sa Kautusan?
  ***PANLOOB (puso)*** – hindi lang ang panlabas na ginagawa, maging ang kalagayan ng puso (o isipan).

***Ang Paghahayag ng Makasalanan:***

(e) Ako'y lumabag sa Kautusan ng Diyos at ako'y isang makasalanan.
(f) Wala akong pag-asa na tanggapin ng Diyos sa pamamagitan ng sarili kong mabubuting gawa.

**Aralin 3:**

## Ang Kalikasan ng Diyos

**Layunin:** *Upang ipaalam sa nakikinig ang katangian ng Diyos na nangangailangan ng tamang pagtugon natin*

**Panimula:** Pansinin ang katangian ng mga taong malapit sa atin ay nakakaapekto sa ating pakikitungo sa kanila.

> Tagapagturo*:* Magagawa mo ito sa pamamagitan ng sariling patotoo tungkol sa kaibigan o minamahal; o maari ring hingin ang patotoo ng nakikinig tungkol sa kanyang malapit na kaibigan… tanungin ang nakikinig kung ano ang katangian ng Diyos ang hinahangaan niya.

**Kunin ang mga katugunan sa ganitong mga pananaw tungkol sa Diyos:**

(e) Hinahayaan ng Diyos ang tao na magpatakbo ng sariling buhay sa mundo; at makikialam lamang Siya sa natatanging okasyon.
(f) Sinusubukan ng Diyos na gumawa ng mabuti para sa tao, pero ayaw pahintulutan ng tao ang Diyos. Tinutulungan lamang ng Diyos ang mga tinutulungan ang kanilang sarili.
(g) **Tandaan:** Ang sagot ng nakikinig ay magpapakita ng kanyang pagpapahalaga, o hindi, sa pagkilos ng Diyos sa buhay ng tao at sa Kanyang kapangyarihan.

***Ang Katangian ng DIYOS***

**Basahin:** Isaias 40:9, 12-18, 25-28

**Konteksto:** Sinabi ito sa mga Israelita na naghihintay ng hatol ng Diyos – ang pagkatapon sa ibang bansa. Para sa mga Israelita, ito'y tulad na rin ng pagkatalo mismo ng Diyos. Kailangan nila ng paalala ng tungkol sa katangian ng Diyos na kanilang tinataglay sa kanilang mga karanasan.
(h) **Pansinin:** Ang paulit-ulit na "*Narito ang iyong Diyos…"* (English – *"behold your God..."*). Pagtuunan ng pansin kung sino ang Diyos.

*Sa grupo ng mga salitang naglalarawan, ang Diyos ay ipinakilala bilang…*

***ANG DIYOS AY SUKDULANG WALANG PAGKUKULANG AT MAKAPANGYARIHAN***

> ***Tagapanguna:*** Sa bawat katangian ng Diyos, mag-isip ng halimbawa o paghahalintulad na mauunawaan ng nakikinig.

(a) Ayon sa tl. 12, ang Diyos ay sukdulan sa…
***Kanyang kakayahan:*** walang anuman o sinuman ang makahahadlang sa Kanya

(b) Ayon sa tl. 13, 14, ang Diyos ay sukdulan sa…
***Talino at karunungan:*** walang sinumang makapagdaragdag sa angking talino/kaalaman.

(c) Ayon sa tl. 25,26, ang Diyos ay sukdulan sa…

***Kapangyarihan at lakas:*** magagawa Niya ang lahat ng nais Niyang gawin.

(i) **Tanong:** Kung tatanggapin natin ang paglalarawan ni Isaias sa Diyos, ano ang epekto nito sa pagkakilala natin sa Kanya?

***Tagapanguna:*** Tanungin ang nakikinig kung mayroon siyang pananaw sa Diyos na dapat baguhin.

*Konklusyon sa Nakitang Kapangyarihan ng Diyos:*

- ***tl. 21-23, walang kapangyarihan sa buong sansinukob ang makahahadlang sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos.***

  **"mga pinuno"** nagpapakita ng lahat ng kapangyarihan tao – kapangyarihan sa tungkulin at kaalaman.

  Kahit ang kalikasan ay nasa ilalim ng pangunguna ng Diyos!

- ***tl. 27, 28 Walang sinuman ang hindi magbibigay sulit sa Diyos.***
  Alam Niya ang mga tamang ginagawa at mga kasalanan natin. Hindi Siya malayong tagapanood lang.

  (j) **HAMON:** Kung seseryosohin ang pananaw na ito sa Diyos, anong kaisipan ang mabubuo sa iyo?

  (k) **Bigyang Diin:** Ang Pagkaunawa na may pananagutan sa Diyos… Walang makaliligtas sa hatol ng Makapangyarihang Diyos.

**Basahin: Mangangaral 12:13, 14**
Mga Katibayang Talata (Optional):

- **Ang mga walang hanggang katangian ng Diyos**
  **Omnipotente** (pinaka makapangyarihan sa lahat) Isa 46:10; Dan 4:35; Rom 9:19
  **Omnisiyente** (nalalaman ang lahat ng bagay) Oseas 5:3; Awit 139:3; Heb 4:13
  **Omnipresente** (sumasa lahat ng dako) Awit 139:7-10; Jer 23:23, 24
  **Walang Hanggan** (Eternal) Awit 90:2; Isa 57:15; Heb 1:11, 12; 2Pet 3:18

- **Ang saklaw na kapangyarihan at kontrol ng Diyos sa lahat ng bagay:** Awit 115:3; 135:5,6; Efe 1:11

**Aralin 4:**

## Ang ating Relasyon sa Katangian ng Diyos

**Itanong sa Nakikinig**: Ano ang ma-giging reaksiyon mo sa mga sumusunod na pagla-larawan sa Diyos?

- Siya ay Diyos na humahatol. Parurusahan Niya ang lahat ng mga makasalanan.
- Siya ay Diyos na maawain at hindi Niya papansinin ang kasalanan ng mga tao.
- Mahal Niya ang mabubuting tao at nakatuon ang Kanyang poot sa mga masasama lamang.

***Tagapanguna***: Ang sagot ng nakikinig ay magbibigay sa iyo ng kaisipan kung ano ang pananaw niya na dapat pagtuunan.

**Basahin: Exodo 34:5-8**

**Konteksto:** Si Moises ay nakiusap na lalo pa niyang makilala ang Diyos. Ito na ang pinaka magandang mahihiling ng tao sa personal na Diyos na nagpakilala mismo ng Kanyang sarili.

(g) **Tandaan:** Paano mo uunawain ang tila hindi pagkakasundo ng mga katangian ng Diyos na nabanggit? *"mapagmahal at maawain"* ***laban sa*** "*hindi Ko pinalalampas ang makasalanan*"

Nagtuturo ito sa atin na ang katangian ng Diyos na may relasyon sa atin ay dapat makita sa dalawang bahagi. Ang bawat isa ay dapat bigyang pansin sa bawat bahagi.

*Unang Bahagi: Ang Diyos ay MAAWAIN at MAPAGMAHAL*

 Kalikasan ng Diyos na gumawa ng mabuti sa atin at magkaroon ng personal na relasyon sa atin.

(a) Siya ay nagpapakita ng natatanging awa sa mga taong nasa kabiguan bunga ng kasalanan *(kanilang kasalanan; kasalanan laban sa kanila o biktima ng kasalanan ng iba)*

(b) ***"Mapagpala at matiyaga"*** – hindi kaagad humahatol ang Diyos, sa halip Siya'y nagtitiyaga sa atin at pinagpapala maging ang mga hindi nararapat pagpalain.

(c) ***"Mapagpatawad"*** – Inaalis ang ating mga sala at nililinis mula sa kasamaan, nagpapakita ng mayamang biyaya ng Diyos.

 **Itanong:** Ano ang kahulugan ng kaisipang ito: Mahal ng Diyos ang mabubuting tao, at kinamumuhian ang mga masasama?

***Tagapanguna***: Tandaan ang maaring maging kaisipan ng tagapakinig na ang kaligtasan ay maaring maging sa pamamagitan ng mabubuting gawa.

Sa palagay mo ba'y kailangan mo ng habag ng Diyos? Bakit?

***HAMON:*** Anumang kaisipan na ang kaligtasan ay dahil sa mabubuting gawain ay mali, dahil *winawalang kabuluhan* nito ang habag ng Diyos.

*Ikalawang Bahagi: Ang Diyos ay BANAL at MAKATARUNGAN*

**Basahin: Habacuc 1:13** *"Ikaw ay banal, ayaw Mong tumingin sa kasamaan. Hindi Mo matatagalang tingnan ang kalikuan…"*

**Roma 1:18** *"Nahahayag mula sa langit ang poot ng Diyos laban sa lahat ng kalapastanganan at kasamaan ng mga taong sumisiil sa katotohanan sa pamamagitan ng kanilang kasamaan."*

Bilang banal at makatarungan, Siya'y napapalayo dahil sa bawat kasalanan *gaano man ito kaliit* sa tingin ng tao. Bawat kasalanan ay nangangailangan ng parusa. Samantalang pinag papasensiyahan tayo ng Diyos sa ngayon, ibibigay din Niya ang kaukulang hatol/kaparusahan nito sa huling araw.

-  **Itanong:** Ano ang kaugnayan nito sa kaisipang: *"Hindi papansinin ng Diyos ang ating mga kasalanan?"* Ano ang reaksiyon mo sa katangiang ito ng Diyos?
-  **Konklusyon:** Ang Diyos ay nagpapadama ng pag-ibig at awa sa mga makasalanan. Ito ay biyaya/kagandahang loob ng Diyos! ***NGUNIT*** parurusahan Niya ang mga hindi magsisisi at tatalikod sa kasalanan na siyang hinihingi ng katarungan ng Diyos.
-  ***HAMON:*** Dapat mong katakutan ang katarungan ng Diyos. Hingin ang Kanyang habag!

Mga Patibay na Talata:

- **Ang Pag-ibig at habag ng Diyos**
  - (a) Ang Diyos ay puno ng pag-ibig – Awit 25:10; 1Jn 4:8,16
  - (b) Ang pag-ibig ang dahilan ng pagliligtas ng Diyos – Oseas 3:1,2; Jn 3:16; Roma 5:6-8; 1 Jn 4:9,10
  - (c) Sa ngayon, ang Diyos ay hindi tayo pinarurusahan sa nararapat na parusa bilang makasalanan; ito ang habag ng Diyos – Awit 103:10; 130:3,4
- **Ang kabanalan at katarungan ng Diyos**
  - (a) Ang kabanalan ay pinaka-natatanging kalikasan ng Diyos – Awit 99:3; Oseas 11:9; Awit 24:3; Isa 6:3
  - (b) Bilang makatarungang Diyos, Siya ay walang kinikilingan sa pagpapatupad ng Kanyang mga kautusan – Gawa 10:34,35; Roma 2:3-6
  - (c) Tiyak na parurusahan Niya ang lahat ng mga makasalanan – Awit 5:4,5; Roma 2:16; 2 Cor 5:10,11

**Aralin 5**

## ANG TAO BILANG MAKASALANAN

**Layunin:** *Upang mapatunayan ang reyalidad na ang ating kaluluwa ay nasa lusak ng kasalanan.*

**Panimula:** Humingi ng reaksyon sa mga sumusunod na pangungusap…

- Ang tao ay mabuti, pero hindi siya perpekto. Mauunawaan ng Diyos ang kanyang mga pagkakamali.
- Ang mga taong ubod lamang ng sama ang nararapat parusahan ng Diyos.
- Ang lahat ng tao ay makasalanan at nararapat parusahan ng Diyos.

*Ano Ang KASALANAN?*

**Karaniwang Pagkaunawa:** Mga gawain krimen lamang, lalung-lalo na yung mga karumal-dumal na kasamaan…

-  Karamihan ng mga tao, ang kasalanan para sa kanila ay ang mga ginawa ng mali lamang, at mga nakakasakit lamang.

- **Biblikal na Kaisipan:** Ang ***KASALANAN*** ay paglabag sa batas ng Diyos

**Basahin: 1 Juan 3:4,**

- Ang **PAMANTAYAN** – Ang Batas ng Diyos

 **Itanong:** Tama bang limitahan ang kasalanan sa mga karumal-dumal na krimen at maling gawain?

-  Magbigay ng mga halimbawa na kasalanan sa batas ng Diyos, ngunit hindi itinuturing na kriminal o karumal-dumal na kasalanan (*Hal. Pagnanasa sa isip, pagsisinungaling, pagnanasa ng hindi mo pag-aari*).

> ***Tagapanguna**:* Balik aralan ng kaunti ang 10 Utos ng Diyos, lalo na ang mga bahaging naba-bagay sa nakikinig.

*Ang LAWAK ng Kasalanan – Kasama ang kasalanan ng Pagpapabaya (Sins of Omission)*

**Basahin:** Santiago 4:17,

Hindi lang ang bagay na ginawa, maging ang *hindi paggawa ng tamang gawain* ay ibinibilang ng Diyos na kasalanan.

-  **Itanong:** Paano ito naiiba sa pangkaraniwang kaisipan natin sa kasalanan?
-  Ang pananagutang moral ay hindi lang pag-iwas sa mali, kundi maging ang paggawa ng tama o nararapat sa harap ng Diyos at tao.

-  Magbigay ng mga halimbawa ng kasalanan na pagwawalang bahala o pagpapabaya (*Sins of Ommission*)

*Ang PINAGMULAN ng Kasalanan*

**Basahin: Roma 5: 12, 18**

Si Adan ang kumakatawan bilang ulo ng sangkatauhan. Ang kanyang pakakasala ay ibinilang sa buong sangkatauhan; ang kanyang kasalanan ay ibinilang ng lahat ng kanyang inapo.

**Basahin** : **Roma: 5:12; Roma 5:19**

 **Mahalagang Katotohanan:** Hindi tayo *naging* makasalanan ng tayo'y unang magkasala o nakagawa ng kasalanan. Sa halip, tayo'y nagkakasala dahil *tayo'y makasalanan na* ng simula pa.

 **Ang dapat malaman:** Ang tangi nating pag-asa ay sa pamamagitan ng isa *muling* kakatawan sa atin.

- Si Jesu-Cristo ang pangalawang Adan (pag-aaralan ito sa susunod)

Dapat Pag-isipan:

(l) Dahil nalaman natin ang ating kalagayan bilang makasalanan, paano natin mapapawi ang parusa ng Diyos?

(m) Mayroon bang posibilidad na isang-tabi ng Diyos ang Kanyang pagpapataw ng parusa sa ating mga kasalanan?

***Tagapanguna:*** Ang taga-pakinig ay dapat malaman sa siya'y walang maga-gawang tulong sa kanyang sarili.

 **Itanong:** Paano ka tutugon sa kaisipan na *dahil* sa kasalanan, ang Diyos ay laban sa iyo?

Mga Patibay ng Talata:

**(h) Ang pagiging makasalanan ng Tao**

(i) Ito'y pangkalahatan – Mang 7:20; Ro 3:11,23; Gal 3:22

(j) Ito'y sa lahat – walang sinumang tao ang hindi nasasaklaw ng kasalanan. Jer 17:9; Jn 3:19; Tito 1:15; Ep 2:1-3; 4:18

**(k) Ang kawalang pag-asa ng tao dahil sa kasalanan**

(l) Hindi niya maunawaan ang espiritual na katotohanan. 1 Co 2:14; 2 Co 4:4

(m) Hindi niya kayang tanggapin ang alok ng kaligtasan sa ganang sarili lamang niya. Jn 5:38; 6:44; Ro 8:7, 8; Heb 11:6

**<u>Aralin 6:</u>**

## ANG KABAYARAN NG KASALANAN

**Layunin:** *Upang malaman ang Epekto at Kaparusahan ng kasalanan*

**Panimula:** Tanungin ang nakikinig sa mga kaisipang ito…

(n) Paano mo ilalarawan ang buhay sa mundo?
► Medyo masaya? Miserable? Atbp.

(o) Ang buhay sa likod ng kamatayan
► Maglalaho lang? Sasalin sa ibang buhay (*re-incarnation*)? May paghuhukom?

*BAKIT KAILANGANG HATULAN NG DIYOS ANG KASALANAN?*

**Karaniwang kaisipan:** Ang pangunahing gusto ng Diyos ay magpatawad at unawain ang tao sa kanyang kahinaan at kasalanan. Ang Diyos ay halos ipinapakilala <u>*lamang*</u> bilang Diyos ng pag-ibig. Kunin ang tugon ng nakikinig.

**Basahin: Roma 1:18**

Ang ***POOT ng Diyos*** – masidhing pagkamuhi sa kasalanan at determinasyong maparusahan ang mga makasalalanan.

- **Itanong:** Ano ang magiging tugon mo sa kaisipan na ang Diyos ay maaring magalit at parusahan ang mga makasalalan?
- **Tandaan:** Ang **sakop** ng Kanyang poot – ***"lahat ng kalapastanganan at kasamaan"*** – nasasakop ang lahat ng uri ng kasamaan; walang kasalanan na hindi napopoot ang Diyos.
- **Paglalapat:** Isasama mo ba ang iyong sarili bilang isa sa parurusahan ng Diyos?

**Ang tanong ng bawat makasalanan:** *"Paano ako makaiiwas sa poot ng Diyos sa aking kasalan?"*

**Basahin: Roma 1:28-32**

**Ang lahat ng kahirapan sa buhay** – ito'y idinudulot ng imoralidad at mga kasalanan na dinadala sa buhay ng tao sa mundo.

- **Tandaan:** ***"Hinayaan sila ng Diyos…*** (tl. 28)" Ito'y isang kilos ng paghatol ng Diyos sa kanila, hindi na sila pinigilan ng Diyos sa kasamaan.

    - Ang masamang tao na pinabayaan sa sariling kasalanan ay malulubog pa lalo sa kasalanan.
    - Sinasabi ng Biblia na ang kasalanan, *una sa lahat* , ay may kaugnayan sa moralidad. Pansinin ang kasamaan ng lipunan sa ngayon: kahit mahirap o mayaman.

- **ILAPAT:** Tinatanggap mo ba na ang lahat ng kahirapan (*misiries*) sa buhay/lipunan ay bunga ng pagiging makasalanan?

**Ang naisin ng bawat makasalanan:** *"Ang makaligtas mula sa miserableng kalagayan ng buhay—ang pagiging makasalanan."*

**Basahin:** Roma 2:5-11

*KAPARUSAHAN SA ARAW NG PAGHUHUKOM*

- **Tandaan:** Habang ang poot ng Diyos ay isang katotohanan sa pangkasalukuyan, nagtalaga rin Siya ng tanging **Araw** na ito'y ibubuhos lahat = ***"Ang Araw ng Kanyang paghatol."*** (tl. 5)

  Ang patuloy na katigasan ng puso at hindi pagsisisi = ***"nagpapabigat sa parusang ipapataw."*** (tl. 5)

  Ang kalagayan ng mga tatanggap ng Parusa: tl. 9
  ***"Paghihirap at kapighatian"*** = ipinahayag sa ibang salita ng ibang talata bilang ***"lawa ng naglalagablab na apoy"***

- **Itanong:** Ito ba'y katanggap-tanggap o malaking tanong sa iyo ang hinaharap na sasapitin ng mga tao sa likod ng kamatayan?

**Tanong ng bawat makasalanan:** *"Paano ako makakatakas sa parusa na nararapat ko lang tanggapin?"*

**Pag-isipan:** "Bilang makasalanan, nararanasan ko ang epekto ng kasalanan sa aking buhay, lalo na ang takot sa parusa ng Diyos. Mayroon ba akong sapat na panlunas sa kasalanan?"

Mga Patunay ng Talata:

***(n) Ang Poot ng Diyos laban sa kasalanan***

- Hindi Niya ito matitigan ng walang kasamng poot (Hab. 1:13)
- Ang buong sangkatauhan ay nararapat tumanggap ng parusa ng Diyos sa kanilang kalagayan, sila'y tinawag na *"kinapopootan ng Diyos." Efeso 2:3; Jn 3:36*

***(o) Kaparusahan sa Impiyerno:***

- Lugar na walang hanggan na walang presensiya ng Diyos. *Mat. 7:23; 25:41*
- Nararamdamang pagdadalamhati at sakit ng mga hindi maliligtas sa parusa ng Diyos. Pah 14:10,22; 21:8

**<u>Aralin 7:</u>**

## Si Jesu-Cristo: Ang Tanging Tagapagligtas ng mga Makasalanan

**Layunin:** *Upang ipakilala si Jesus bilang kalutasan sa Problema ng kasalanan*

**Panimula:** Ano ang pinaka kakaibang pagkakilala mo kay Jesu-Cristo? Kung ituturing mo Siyang natatangi, sa paanong paraan Siya natatangi?

> ***Tagapanguna:*** Kahit na ang lahat ng ito ay tama, ang mga ito ay kulang. Ang tunay na nais natin ay ang kaalamang nagdudulot ng kaligtasan.

***Karaniwang Kaisipan –***

- Siya ay dakilang halimba ng magandang pamumuhay
- Pinaka dakilang Guro na nabuhay
- Nagtatag ng pinaka dakilang relihiyon

*Ang Kapanganakan ni Jesu-Cristo*

**Basahin: Lucas 1:35**

- Ang Kanyang kapanganakan ay di pangkaraniwan dahil Siya'y isinilang ng isang birhen.

- **Itanong:** Sa palagay mo ba'y may kapaliwanagan ang pangyayaring ito, o tinatanggap mo ito bilang pagkilos ng Diyos?

> ***Tagapanguna:*** Ito'y mahalagang maunawaan para sa hinaharap na pag-aaral tungkol sa pagiging kapalit natin sa krus, sa kamatayan ni Cristo.

Ano Ang Mga Ibig Ipahiwatig ng Kapanganakan ng Birhen kay Jesus?

(a) Dahil sa kapanganakang ito, katulad Siya sa *tunay* na kalikasan natin bilang tao
(b) Bilang ipinanganak ng birhen, hindi naman Siya katulad ng sinumang tao… *hindi* Siya kabahagi sa kasalanan ng tao.

**Basahin:** (Ang dalawang katotohanan ay makikita)
**Hebreo 4:15**

- **Itanong**: Kung tatanggapin mo ang sinasabing ito ng Biblia na katangiang kakaiba ni Cristo, magbabago / titibay ba ang iyong pananaw sa ngayon?

- **Tandaan:** Ang pagiging iba ni Jesus ay naka-salalay mismo sa Kanya na isinilang-ng-birhen (Si Jesus), at hindi sa birhen na nanganak sa Kanya (Maria).

- **Itanong:** Tinatanggap mo ba ito?

Bakit kaya itinaas ng husto si Maria sa ngayon?

***Ang Kalikasan at MISYON ni Jesu-Cristo***

**Basahin: Juan 1:1**

***Filipos 2:5-11***

- **Itanong:** Tinatanggap mo ba ang mga sinasabi ng mga talatang ito?

**Taglay ni Jesus ang *lahat* ng katangian ng Diyos, kung kaya, Siya ay Diyos.**

***"Katangian ng Diyos…"*** = nasa Kanya ang lahat ng kalikasan bilang Diyos

- **Itanong:** Ito ba'y katanggap-tanggap sa iyo?

α Bakit mo ito tinatanggap / hindi tinatanggap?

> ***Tagapanguna:*** Dapat kang maging handa ang na ipagtanggol ang pagiging Diyos ni Cristo kung kinakailangan.

❋ ***Nagpakumbaba Siya para Iligtas ang mga makasalanan.***

*Ang Pagpapakababa Ni Cristo ay Kasama Ang Pagiging Tao Upang…*

(a) *Siya mismo ay makasunod ng ganap sa Kautusan ng Diyos.*
***Tingnan*** – *"namuhay sa ilalim ng Kautusan…"* Gal. 4:4

(b) *Upang pasanin ang parusa ng Kautusan*
***Tingnan*** – *"naging masunurin hanggang kamatayan"* Fil. 2:8

- Bakit sa palagay mo kailangan pang magpakababa ng Anak ng Diyos para tayo iligtas? (Ito ang naghahanda sa susunod na aralin).

**Pag-isipan:** ***Ang Plano ng Diyos sa Kaligtasan ay kakaiba…***

=> Sumasang-ayon ka ba na maliban kay Jesus ay walang kaligtasan?

=> May hinahanap / inaasahan ka pa bang ibang kaligtasan maliban kay Cristo?

Mga Patibay na Talata: Ang Pagka Diyos ni Cristo

1. ***Tuwirang tinawag na Diyos*** **–** Jn 20:28; Rom 9:5; Tito 2:13; Heb 1:8; 1Jn 5:20
2. ***Katangian ng Diyos*** **–** Mt. 18:20; 28:20; Ef 1:23; Col 3:2; Heb 13:8

**<u>Aralin 8:</u>**

## Ang Kaligtasang Dulot ng Kamatayan ni Jesu-cristo

**Layunin:** *Upang ipaliwanag ang kahalagahang dulot ng kamatayan ni Cristo.*

**Panimula:** *Ang krus ay naging pangunahing simbulo ng pananampalatayang Cristianismo…*

**Positibo:** Ipinapakita nito ang ginawang pagliligtas ni Cristo—ang Kanyang kamatayan para sa mga makasalanan.

**Negatibo:** Minsan ay may pagkakataon na ito'y nagiging pigura na lamang na dapat sana'y nasa isip at pananampalataya.

**Itanong:** Pinagtitiwalaan mo ba na tanging sa kamatayan lamang ni Cristo tayo makatitiyak ng kaligtasan?

### Mga Maling Kaisipan Tungkol Sa Kamatayan Ni Cristo

1. ***Ito ay isang kamatayan ng pagiging martir – pagsasakripisyo ng sarili dahil sa ipinaglalaban.***

   **Sagot:** Ang ganitong uri ng kamatayan ay nagiging bayani lamang ang namatay, at hindi bilang Tagapagligtas ng makasalanan. Hindi ganito ang itinuturo ng Bagong Tipan tungkol sa kamatayan ni Cristo.

   **Mali:** Ang isipin na ang kamatayan ni Cristo ay isang modelo na dapat tularan. (*Hal.* Sa pagiging martir; pagpipinitensiya lamang)

2. ***Ang layunin ay upang makapagpabago ng ugali* –** halimbawa, upang mapalambot ang puso ng iba ay nagpapagutom *(hunger strike)* para kaawaan.
   **Sagot:** Ang Bagong Tipan ay ipinakita na ang kamatayan ni Cristo, *una sa lahat,* ay ginawa ito para sa Diyos Ama, bago pa man sa katiyakan ng mga makasalanan.

   **Mali:** Ang isipin na ang kamatayan ni Cristo ay isang inspirasyon lamang at para Siya ay kaawaan.

### *Ang Biblikal na Kahalagahan ng Kamatayan ni Jesu-Cristo*

***Basahin: Mt. 26: 27-29***

**Konteksto:** Ang pagtatatag ng Banal na Hapunan ay pagpapakita ng pag-alaala ng iglesya sa kahulugan ng kamatayan ni Cristo.

**Punto:** Si Jesus mismo ay nagsabi na ang Kanyang kamatayan ay isang *hain* na nagdudulot ng kapatawaran ng kasalanan at paglilinis ng Kanyang bayan (o mga taong pinili).

- **Katuruan sa Matandang Tipan:** Ang biktima ang pinagbubuhusan ng poot ng Diyos kapalit ng naghahain (*Ihambing:* Lev. 17:5, 6, 11; Isa. 53:10)

- **Implikasyon:** Nang si Jesus ay nasa krus, ibinuhos ng Diyos mismo ang Kanyang poot kay Jesus, sa *halip* na sa makasalanan.

***Basahin: 2 Corinto 5:20,21***

**Konteksto:** Si Pablo ay ipinapaliwanag ang susing mensahe ng mga nagpapahayag ng pakikipagkasundo sa Diyos at ng mga makasalanan.

- **Punto:** Ang kamatayan ni Cristo ay bilang kapalit ng makasalanan.

- Pinasan ni Cristo sa Kanyang sarili ang parusa ***mula*** sa Diyos para sa mga makasalanan. Tulad ng ganap na pagsunod Niya sa kautusang hindi natupad ng mga makasalanan.

- Ito'y nilulutas ang dalawang problema ng makasalanan sa harap ng Diyos:

  - Una, Ang paghingi nito ng ganap (perpekto) na pagsunod

  - Ika-2, Ang paghingi ng kabayaran ng kasalanan sa mga lumabag dito

***Basahin: 1 Peter 2:20, 21***

**Konteksto:** Ang sulat na ito ni Pedro ay para sa mga naghihirap na mananampalataya.

**Punto:** Ang krus ni Cristo ay paalala na dapat tandaan sa buhay Cristiano: pagpapakumbaba, lalo na sa panahon ng paghihirap.

**Itanong:** Ito ba ang uri ng buhay na nakikita mo sa mga nagsasabing sila'y mga Cristiano? *Hindi ganoon.* Dahil maraming nagsasabi na Cristiano sila ngunit walang tunay na karanasan ng pananampalataya sa krus ni Cristo.

**Pangwakas na Kaisipan:** Kung wala ang kamatayan ni Cristo na nagdudulot ng kaligtasan, ang makasalanan ay *mananatili* sa poot ng Diyos, at sila'y nananatili sa kalagayang walang pag-asa. Nakikita mo ba ang iyong sarili na kailangang mamatay si Cristo para sa iyo?

**<u>Aralin 9:</u>**

**Ang Nakapagliligtas na katugunan sa iniaalok ni Cristo: Pagsisisi at Pananampalataya**

**Layunin:** *Upang hamuning tumugon ang tagapakinig sa iniaalok ni Jesus na kaligtasan sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya.*

**Panimula:** Kung walang kaligtasan maliban kay Cristo, napakahalaga na malaman natin kung paano magkakaroon ng relasyong makapagliligtas sa kanya.

**Itanong:** *Hingin ang palagay / opinyon sa kaisipang ikaw ay magiging Cristiano sa pamamagitan ng:*

(1) Bautismo (binyag), o kahit na anong sakramento sa simbahan.
(2) Pagiging kaanib (miyembro) ng simbahan.
(3) Sa paggawa ng mabuti at matuwid.

***Problema sa lahat ng makataong kaisipan ng pagkakaroon ng kaligtasan:*** Hindi nila maisaalang-alang ang kalagayan natin bilang makasalanan na *nahatulan na.* Ang taong nasa ilalim ng kaparusahan (nahatulan na) ay hindi na maaaring umasa pa sa *personal* na kakayahan para baligtarin (overturn) ang hatol.

**Basahin: Roma 3:19, 20.**

**Biblikal na Katuruan:** Ang Diyos mismo ay dapat magsi-mulang kumilos sa atin – isang panloob na pagbabago – upang tayo'y makatugon sa Kanyang iniaalok na kaligtasan. Ang panloob na pagbabagong ito ay tinatawag na kapanganakang muli *("regeneration" or "being born again").* Ito'y pagkilos ng Diyos, hindi sa ating sariling lakas o kagagawan.

- Kapag ang Diyos ang tunay na kumilos sa atin, ito'y magdudulot sa nakapagliligtas sa katugunan sa Ebanghelyo…

*Nakapagliligtas Na Katugunan Sa Ebanghelyo*
**Basahin: Gawa 20:21**

Isang katugunan na may ***dalawang mukha (coin)*** – ang ***isa*** ay tungkol sa ating nagawang kasalanan sa Diyos; ang ***kabila*** ay ang alok na habag na nakay Jesu-Cristo.

***A) Pagsisisi sa kasalanan***

Ito ay hindi:

(a) …Pagpaparusa sa sarili
(b) …lang simpleng pagkalungkot sa kasalanan

**Basahin:** Isaias 55:7

- **Susing Kaisipan:**

Tagapanguna: *Kung malalim na ang tiwala ng nakikinig, maari mong itanong kung siya / siia ay may kasala-nan siya na maaring pag-usapan.*

► ***"talikdan ang gawaing masama"*** => ito'y pagtalikod ng puso mula sa kasalanan; paghahayag ng pakikidigma sa kasalanan.

► ***"magbago ng maling kaisipan"*** => panloob na pagbabago ng puso sa kasalanan, na nagreresulta sa pagbabago ng pamumuhay ("*life-style or pattern*").

**Babalá**: Ang ibang tao ay nauunawaan ang iniaalok ng Ebanghelyo, ngunit ***nananatiling*** walang kaligtasan dahil kusang-loob nilang pinili na maging alipin pa rin ng kasalanan.

***B) Pananampalataya kay Cristo***

Ito ay hindi lang:

(a) …simpleng pagsang-ayon sa mga katotohanan ng Ebanghelyo
(b) …simpleng pag-angkin sa mga pangako ng Biblia

**Basahin: Roma 10:9-13**

**Susing kaisipan:** *Si Jesus ay Panginoon, inaangkin ang iyong pagtitiwala at pagpapasakop.*

***(1) Pagtitiwala kay Jesus na Tanging makapagliligtas sa iyo***

- Ang binibigyang diin ay ang kamatayan ni Cristo para sa mga makasalanan.

***(2) Pagpapasakop sa Kanya bilang Panginoon ng iyong buhay***

-Ang binibigyang diin ay ang awtoridad ni Cristo sa Kanyang salita.

Tagapanguna: *Ipakita na ang katugunang ito ay tunay na makapagdudulot ng pagbabago sa buhay.*

**Itanong:** May mahalaga bang pagkakaiba sa iyong pag-kaunawa noon at ngayon ang tungkol sa pagsisisi at pananampalataya kay Cristo?

Tagapanguna: *Bigyang diin ang alinman (pananam-palataya o pagsisisi) na kailangang maunawaang husto ng nakikinig.*

**Panghuling Paalala:** Ang pagsisisi mula sa kasalanan at pana-nampalataya kay Cristo ay laging magkasama. Napakalaking kamalian na angkinin lang ang isa at wala ang isa.

**<u>Aralin 10:</u>**

## Mga Pagpapala ng Kaligtasan

**Layunin:** *Upang ipakita sa tagapakinig ang masaganang pagpapala ng pagiging Cristiano na nagmumula sa bagong relasyon kay Cristo.*

**Panimula:** Kapag ang mga tao ay nagsasabing sila'y pinagpapala ng Diyos, ano ang karaniwang nasa isip nila?

Materyal at pisikal na pagpapala

(1) Mga himalang nararanasan
(2) Katiyakang emosyon at pakiramdam
(3) Tagumpay sa trabaho o hanap buhay

> Tagapanguna: *Mag-bigay ng halimbawa sa bawat isa.*

**Itanong:** *Mayroon pa bang mas mahalaga sa mga nabanggit?*

**Basahin**: **Efeso 1:3**

- Ang pangunahing pagpapala kay Cristo ay *"espirituwal."*
- **Tandaan:** Kung masusing pag-aaralan ang mga pagpapalang espirituwal sa mga sumusunod na talata (1:3-14), walang nabanggit sa anumang apat na uri ng pagpapala na ating nabanggit sa kanina.

***KUNG KAYA:*** Kung ang isang tao ay lalapit kay Cristo ng dahil sa mga iyon, hindi niya alam ang tunay at mahalagang iniaalok ni Cristo.

***Pagturing ng Diyos Bilang Kanyang Mga Anak (Adoption)***

**Basahin: Efeso 1:4, 5**

- Bagong kaugnayan sa Diyos bilang Ama
    - ***NOON,*** bilang hindi mananampalataya: "Kinapopootan ng Diyos" [Children of wrath] (Ef 2:1-3), ang ating kaugnayan sa Diyos ay nasa ilalim ng Kanayang poot.
    - ***NGAYON,*** bilang mananampalataya ni Cristo: Itinuturing na ng Diyos na minamahal *[beloved]*

- Ang bagong relasyon ay nagdudulot ng bagong pananaw sa Diyos at bagong paraan ng pamumuhay.
    - Ano ang dapat na pinahahalagahang higit ng isang anak ng Diyos? *"maging banal at walang kapintasan sa harap Niya."*
    - Ang Diyos ay naging Ama ng mananam-palataya, hindi para sa pansariling nais, sa halip ay bilang anak na sumasalamin *(reflect)* ng katangian ng Diyos sa kanyang bagong buhay.

■ **Hamon:** Ito ang natatanging tanda na dapat makita bilang katunayan ng iyong ipinapahayag na Cristianong pananampalataya.

*Ang Pagtanggap Sa Atin Ng Diyos At Pagpa-patawad Ng Mga Kasalanan*

**Basahin: Efeso 1:6, 7**

- Ano ang tulad ng taong nakikitungo sa Diyos ngunit hindi pa napapatawad ang kasalanan?
  **Basahin: Kawikaan 15:8**

► Kahit na ang relihiyosong gawain ang ginagawa ng hindi pa napapatawad sa kasalanan, ito ay itinuturing pa rin ng Diyos na *"kasuklam-suklam"* – nasa ilalim ng sumpa.

**KUNG KAYA:** Ang kapatawaran ng kasalanan ay pangunahing pagpapala. Hindi ka makagagawa ng *"katanggap-tanggap"* na gawain sa pag-asang mapapatawad ka sa pamamagitan nito; **Kundi,** kailangan ka munang mapatawad upang ang iyong sarili at mga gawain ay maging katanggap-tanggap sa Diyos.

**PAANO:** Sa pamamagitan ng pagtubos ni Cristo ng Kanyang dugo. Ilagak *[itiwala]* ang sarili kay Cristo sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran.

**TANDAAN:** Ito'y sa pamamagitan lamang ng *"Kanyang minamahal na Anak"* kaya ang Cristiano ay tinanggap ng Diyos [kinalinga].

**KUNG KAYA:** Ang tunay na pinatawad na ay nanana-tiling walang pagtitiwala sa sariling kakayahan, kundi laging nakatuon kay Cristo.

**Basahin: Efeso 2:12-13, 17-18**

**Pag-isipan:** Anong mga pagpapala / pribilehiyo ang kasama sa pagiging malapit sa Diyos at pagkakaroon ng kaugnayan sa Kanya?

► Hal. Bagong pananaw; pribilehiyo sa pananalangin; etc.

*Ang Banal Na Espitiru Ang Garantiya ng Lahat ng Mga Pangako ng Diyos*

**Basahin: Efeso 1:13, 14**

►Ang gawain ng Banal na Espiritu ay bigyan tayong katiyakan at ilapat sa atin ang mga espirituwal na pangako ng Diyos.

**KUNG KAYA:** Ang Cristiano ay may katiyakan ngayon na tatanggapin niya ang buong katubusan kay Cristo—ang hinaharap na kaluwalhatian.

**ILAPAT:** Ang buhay pananambapalataya ay inuudyukan ng kanyang pag-asa kay Cristo at ang paglalapat ngayon ng mga pangako ng Diyos=> *Pagsunod sa Diyos.* Ito ang tunay na katibayan ng taong espirituwal (taong pinanahanan ng Espiritu ng Diyos).

**Pangwakas na Kaisipan:** Anong pagpapala ng Diyos kay Cristo ang talagang ninanais ko? Mayroon ba akong katiyakan ng espirituwal na pagpapala ng kaligtasan?

**Aralin 11**

## MagIng Tiyak sa kaligtasan

**Layunin:** *Upang ipaliwanag ang susi sa pagsukat ng tunay na may kaligtasan, at bigyang babala ang pagkukunwari sa sarili.*

**Panimula:** Itanong – sa palagay mo ba'y maaring maniwala ang isang tao na siya'y ligtas na, ngunit hindi pa pala siya talagang ligtas?

> ***Tagapanguna:*** Ipaliwanag ang tanong kung kinakailangan. Kung ang sagot ng nakikinig ay pagsang-ayon, hilingin kung mayroon siyang alam na tanda ng *pagkakaiba* ng totoo at di totoong Cristiano.
> Iwasang gawing halimbawa ang tagapakinig. Kung may karanasan o kakilala ka na ganoon, na may maling pagpapakita ng pananampalataya noon, sabihin ito sa tagapakinig.

**Basahin : Juan 2:23-25**

- **Tandaan:** May mga tao na nagpapakita ng pananalig kay Jesus dahil sa mga himalang nasaksihan nila. Pero alam Niya na huwad ang pananampalataya nila.
- **Problema:** Pansariling palagay *laban sa* kaalaman ni Jesus – Ang tao'y di dapat magtiwala sa kanyang sarili lamang. Ang iyo bang pansariling pananampalataya ay makakapasa sa kaalaman ni Jesus?
- **Punto:** Maaring magpakita ng "kilos ng pagtitiwala" ('faith-act') ang isang tao ng wala naman totoong pagtugon kay Jesus (Aralin 9-Pagsisisi at Pagtitiwala).
  ■ ***Mga halimbawa sa ating panahon:***
    - Pagsunod sa *"panalangin ng pagtanggap"* na hindi mula sa puso
    - Paglapit sa unahan / altar bunga ng paanyaya
    - Pagpunta sa simbahan, etc.
- **Hamon:** Kung ang ganoong pandaraya sa sarili ay maaari *maging* sa mga tao na nakarinig at mas malapit sa Ebanghelyo ni Cristo Jesus, mahalagang tiyakin kung ano ang pananampalatayang nasa iyo.

**SIGURADUHING:** Ikaw ay mayroong…

***TUNAY na JESUS na INIAALOK ng Ebanghelyo***

Sa Juan 2:23-25, nakita lang ng mga tao si Jesus bilang gumagawa ng himala. Hindi ito sapat para makilala mo Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas.

- **Babala:** Sa panahon natin, sobra ang palagay na ang himala ay katunayan ng pagkilos ng Diyos. Ngunit na-kita natin sa mga talata na ang paniniwala ng mga tao dahil sa himala ay *hindi sapat* para sila'y maligtas.

***Ang NAKAPAGLILIGTAS na Tugon Kay Cristo***

Upang mabigyang diin ito, ang sumunod na pangya-yari na isinulat ni Juan ay ang paglapit ni Nicodemo kay Jesus. Ang pakikipag-usap ni Jesus kay Nicodemo ay nagpapakita ng magandang pagsusuri ng katiyakan ng sinumang nagpapalagay na siya'y relihiyoso.

- ➢ Isang taong kailangang itama ang kanyang pagkakilala kay Cristo
- ➢ Ang pagkaunawang ito ang magsasabi o pagbabatayan ng katiyakan ng kanyang espirituwal na kalagayan

**Basahin: Juan 3:1-7**

- **Tandaan:** Sa tl. 2, paano kinilala ni Nicodemo si Jesus?
  - ➢ Bilang gurong mula sa Diyos at gumagawa ng himala—si Nicodemo ay lumapit kay Jesus bilang nangangailangan ng ***katuruan*** at ***himala***

- **Tanong:** Ito ba ay sapat?
  - ➢ Hindi ito sapat, dahil sinabi ni Jesus sa kanya ang tunay niyang kailangan

- **Tanong:** Ito ba ay nangyayari ngayon?
  - ➢ Pansinin ang pagbibigay diin ngayon sa mga himalang nangyayari.
- **Tandaan:** Sa tl. 3 at sumusunod, ipinakilala ni Cristo ang ***Kaharian ng Diyos***

- **Konteksto:** Si Jesus ay ***HARI*** at may mga ***SINASABI*** bilang ***HARI*** – samakatuwid, kailangan mong lumapit kay Jesus bilang ***tagasunod*** sa Kanyang kapangyarihan.

- **Kailangan:** Masusunod mo lang ito kung ikaw ay may "*bagong puso"*
  - ➢ Ito ang kahulugan ng <u>*kapanganakang muli*</u> ('born again'). Ang pagkakaloob ng bagong buhay na wala dati sa atin.
  - ➢ *"Ipinanganak sa Espiritu"* → Tanging ang Banal na Espiritu lamang ang makapagbibigay sa iyo ng bagong buhay.
  - ➢ *"Ang ipinanganak ng laman ay laman"* → walang pag-asa sa iyong sarili (sa katayuan mo bilang makasa-lanan)

- **Babala:** May mga "*kilos ng pagtitiwala"* na napatunayang makalaman lang.
  → Ang <u>*katunayan*</u> ng makalamang pananalig / pagtitiwala *(fleshly faith)*…
  - ➢ Walang sukdulang pagkilala sa buhay ng pagiging Panginoon ni Cristo
  - ➢ Walang espirituwal na pagbabago sa puso / buhay
- **Itanong:** Alam mo ba ang ganitong espirituwal na pagbabago sa iyong buhay na nagmumula sa iyong bagong pagkakilala kay Jesu-Cristo?

- **Buod:** Tiyakin na ang iyong paglapit kay Cristo ay bilang Panginoon ng <u>*buong buhay*</u> mo. Ngunit kasama ang pagkaunawa na wala kang pag-asa sa sarili dahil <u>*kailangan*</u> mo muna ng <u>***BAGONG PUSO***</u> na tanging ang Banal na Espiritu lamang ang makapagkakaloob nito.

**<u>Aralin 12</u>**

## Pamumuhay Na Kaanib Ng iglesya (Part I)

**Layunin:** *Upang ipakita ang katuruan ng Bagong Tipan tungkol sa buhay ng kaanib ng iglesya at ipakita ang kahalagahan nito sa tunay na Cristiano.*

**Panimula:** Tanungin kung ang tagapakinig ay kusang-loob na kaanib ng anumang samahan o organisasyon, at ano ang napapakinabangan niya dito. Dumako sa paliwanag na ang buhay sa loob ng komunidad ay bahagi ng buhay ng tao.

- Kahalintulad nito, mayroong komunidad na disenyo para sa mga Cristiano na may mahalagang plano ang Diyos – ang Iglesya ng Bagong Tipan (The NT Church).

**Basahin: Efeso 3:10, 21**

- Ang kaluwalhatian ng Diyos ay tiyak sa Kanyang iglesya

■ **Katuruan:** Ang buhay Cristiano ay dapat ipamuhay sa kalagayang kasama ng iba pang Cristiano – sa iglesya.

**Basahin: Filipos 1:27**

**Efeso 4:1-5**

■ **Itanong:** Ano ang masasabi mo sa iyong pangka-salukuyang iglesya o simbahan (ipagpalagay na mayroon siya)? Kung wala, ano ang kaisipan mo tungkol sa mabuting iglesya?

*ANO ANG BIBILIKAL NA IGLESYA?*

**Babala:** May mga tao na maaring nalilito sa tanong na *"Ano ba ang tunay na iglesya?"* Kadalasan ito'y nauuwi sa pag-uusap tungkol sa denominasyon ( *Hal. Katoliko, Metodista, mga kulto atbp.*). Hindi ito ang sinasabi ng Bagong Tipan (BT). Sa BT, ang iglesya ay isang lokal na kapulungan na may mga mahalagang bahagi tulad ng mga sumusunod…

*SINO ANG DAPAT NA MGA KAANIB NG IGLESYA?*

α Ilarawan at ihambing ang pagiging kaanib sa Romano Katoliko :

- Sa kapanganakan ( sa ritwal ng "bagbibinyag" o *"christening"*); pagsama sa parokyang nakakasakop

**Basahin: 1 Corinto 1:2** (ihambing sa **Efeso 4:4-6**)

■ **Punto:** Ang lahat ng kaanib ay may iisang ipinapahayag, ang pagiging Panginoon ni Cristo at karanasan ng kaligtasan.

✭ **Doctrina:** Naipanganak na muli (*regenerate or born again*) at pinapaging- banal (*sanctified*) na Kaanib

- ➤ Ang isang tao ay _hindi_ umaanib sa iglesya para maging Cristiano, sa halip ito'y dahil siya ay nagbago na at may mga katunayan ng tunay na kaligtasan.

■ **Hamon:** Ito ba ay magandang paglalarawan ng iyong iglesya?

- ➢ Kung ikaw ay tunay na Cristiano, nakikita mo ba na katungkulan mong umanib ng isang iglesya?

*PAANO TINATANGGAP ANG MGA NAIS MAGING KAANIB NG IGLESYA?*

**Basahin: Gawa 9:26-30**

■ **Punto:** Ang pag-anib ay kusang loob na pagtanggap ng iglesya sa patotoo ng kanyang pananampalataya.

➤ **Tandaan:** Si Pablo ay hindi makabahagi o makasama sa iglesya hanggang hindi pa kombinsido ang mga disipulo sa kanyang pagbabago, na pinatunayan ni Bernabe.

**Basahin: Efeso 4:13-16** (ihambing sa **Hebreo 10:23-25**)

➤ **Tandaan:** Ang _*pagkakaisa*_ ng mga kaanib ng iglesya sa _*itinuturo*_ (Teaching), _*paglilingkod sa isa't-isa*_ (Ministry to each other), _*paglago*_ (Growth), atbp.

✭ **Doktrina:** Kusang-loob (Voluntary) at Tipanang (Covenanted) pagiging kaanib

- ➢ Ang pag-anib sa iglesya ay sariling desisyon. _*NGUNIT*_ sa sandalling tanggapin ang isang tao, bilang kaanib, siya ay nasasakupan na ng iisang ipinapahayag na katuruan at pagtatalaga ng sarili sa responsiblidad bilang Cristiano.

■ **Hamon:** Pag-isipan ng mabuti ang pagiging kaanib ng iglesya. Gumawa ng disisyong sumunod sa ipinag-uutos ng Salita ng Diyos.

> ***Tagapanguna:*** kung ang tagapakinig ay hindi pa kabilang sa anumang iglesya, bigyan ng kopya ng kasunduan ng mga kaanib ng iglesya (church covenant) at gabay sa pagiging kaanib ng iglesya.

**<u>Aralin 13</u>**

**Pamumuhay Na Kaanib Ng iglesya (Part 2)**

**Panimula:** Mag balik-aral sa nakaraang Aralin

*Paano ang mga KAANIB ay PINAPANGUNAHAN at PINAPAKAIN sa loob ng IGLESYA?*

- Isang natatanging pagkakaiba ng Iglesya sa Bagong Tipan at makabagong *para-church organization*: itinalaga ng Diyos sa loob ng iglesya ang mga Taga-panguna at Tagapangalaga. Sa ganitong layunin ay sila'y tinawag at binigyan Niya ng espirituwal na kaloob upang magampanan ito. Sa ganitong kalagayan, ang mga *para-church* na samahan ay hindi sapat na kapalit ng isang iglesya na may tipanan (*covenant*) bilang kaanib.

**Basahin: Efeso 4:7-12 (esp. 7-8, 11,12)**

❋ **Tandaan:** Ang mga tagapanguna ng iglesya ay si Cristo mismo ang nagtalaga mula sa Kanyang trono. Ang mga totoong tagapanguna ng Iglesya ay hindi <u>*"itinalaga ng tao"*</u> sa halip sila'y <u>*"pinili at inihanda ng Diyos."*</u>

❋ **Ano ang mga Apostol at Propeta?**

(a) **Basahin: Efeso 2:20** – Ang kanilang ginawa ay ang pundasyong bahagi ng Iglesya na ngayon ay lumipas na. Kakaibang pribilehiyo na sila'y makatanggap ng tuwirang kapahayagan (*direct revelation*) mula sa Diyos. (ihambing: ***Efeso 3:5***)

(b) Hindi na ito ang katayuan ng mga natitirang tagapanguna ng iglesya: Mga Ebangelista-Pastor-Guro.

*Ano ang Kahalagahan at Gawain ng Tagapanguna sa iglesya?*

(1) **NAG-EEBANGHELISMONG TAGAPANGUNA** – may malasakit sa mga kaluluwang di pa nakakaranas ng kaligtasan.

***Kasamang Responsibilidad:***
(a) Siya'y nagpapahayag ng Ebanghelyo
(b) Tinutulungan ang mga Cristiano na maging saksi rin sa Ebanghelyo

(2) **NANGANGALAGA (pastoring) at NAGTUTURONG TAGAPANGUNA** – sinasanay ang mga kaanib sa paglilingkod at tinutulungan sa kanilang espirituwal na pangangailangan.

**Basahin: Hebreo 13:7, 17** (ihambing: ***1 Tesalonica 5:12,13***)

➤ **Itanong:** Kinikilala mo ba na kailangan mo ng ganitong uri ng tagapanguna? Nararanasan mo ba ito sa samahang iyong kinabibilangan ngayon?

*PAANO NAPAPANATILI ANG TIPANAN SA LOOB NG IGLESYA?*

➤ Dahil ang Cristiano ay pa-tuloy pa ring nakikipag-laban sa kasalanan, dinisenyo ng Diyos ang Iglesya para sa pagpa-palakasan (*edification*), pagtutuwid (*correction*), at kung kinakailangan ay ang pagtitiwalag ng kaanib (*dismissal*).

***Tagapanguna:*** Sabihin ito sa paraang hindi nakakatakot o nakapang iinsulto.

❋ **Doktrina:** Iglesyang may DISIPLINA (Disciplined Church)

**Basahin: Roma 15:14**

➤ **Punto:** Magpaalalahanan at magtuwid ng pagkakamali ay responsibilidad ng bawat kaanib ng Iglesya sa isa't-isa. Ito ay pagpapala, hindi dapat katakutan.

**Basahin: Mateo 18:15-20**

❋ **Tandaan:** May tamang paraan at proseso sa nagkakasalang kapatiran:

Pansarilinang pakikipagkasundo (tl. 15) => may gabay na pakikipagharap (tl. 16) => pangkalahatan o sa harap ng Iglesya (tl. 17).

➤ **Punto:** Ang langit mismo ay may pahintulot (tl. 18-20) sa pagpapatupad ng Disiplina sa loob ng Iglesya. Maraming iglesya ngayon ang hindi nagsasagawa ng disiplina sa loob ng iglesya.

■ **Itanong:** Matatanggap mo ba na sa loob ng Iglesya, ang iyong moralidad at espirituwal na buhay ay nasa ilalim ng pangangalaga din ng Iglesya? O mas nanaisin mong mamuhay na parang walang pakialaman sa loob ng isang samahan?

➤ Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa matapat na pagtutuwid? ***Kawikaan 27:6, 7***

■ **Hamon:** Mag-isip ng iba pang bagay na ginagawa ang pagtutuwid sa kapatid ng may pagmamalasakit.

Aralin 14

**Bautismo: Pangako ng Mananamplataya sa Harap ng Karamihan**

**Layunin:** *Upang hamuning sumunod sa iniutos na magpa-bautismo bilang tanda ng pagpapahayag ng pananam-palatayang kinabibilangan.*

**Panimula:** Sa Romano Katoliko, tinatawag nila ang pagba-bautismo bilang pagpasok sa Cristianong pananampalataya (*Christening*), ibig sabihin ang bautismo ang dahilan upang maging Cristiano ang sanggol.

Hingin ang reaksiyon ng naki-kinig. (Ipapakita nito ang pag-kaunawa sa kaligtasan).

**Basahin : Gawa 2:38-41**

- **Tandaan:** Magkasunod ang pagtitiwala at pagbabautismo bilang kapahayagan ng unang hakbang ng pananampalataya ng isang tao Cristiano.

- **Paliwanag:** *"Upang kayo'y patawarin"* ay dapat unawain na hindi ito dulot ng bautismo, kundi *bago* pa dito ay mayroon na siyang pananampalataya; at dahil siya'y pinatawad na, kaya dapat siyang pabautismo. (ihambing sa Mk 1:44, sa gamit na *"malinis na" (TPV)*)

Ang bagong relasyon kay Jesu-Cristo ng mananam-palataya ay nangangailangan ng pampublikong paghahayag ng pananampalataya at pangako. Ito ang unang ipinapahayag sa bautismo. Sinumang sumusuway sa hakbang na ito, sa pakahulugan, ay tinatanggihang maging ganap ang kanyang pagnanais na maging tagasunod ni Cristo.

*PAMAMARAAN: Paano Isinasagawa Ang Pagbabautismo?*

**(p) Basahin: Mateo 28:19-20**
Ang mga apostol ang binigyan ng utos para sa iglesya.

**(p) Ang Magsasagawa ng Bautismo: Ang Biblikal na Iglesya**

**Basahin: Efeso 4:4-6** *"Iisa lamang ang katawan at iisa rin ang Espiritu… May iisang Panginoon, isang pana-nampalataya, at isang bautismo."*

 **Pansinin:** Ang kaugnayan ng *"katawan"* (ang iglesya) sa *"pananampalataya"* (ipinahayag sa katuruan)  *"Bautismo"*

**Konklusyon:** Ang bautismo para maging tama, ito'y dapat na pinangungunahan ng iglesya na humahawak sa tamang Ebanghelyo ni Jesu-Cristo.

**(q) Ang Sumasailalim sa Bautismo: Ang Nagpapahayag na Mananampalataya**
Ang pariralang *"bautismuhan sila"* sa Mateo 28:19 ay tumutukoy sa mga tagasunod na ni Cristo.

**Konklusyon:** Ang bautismo ay hindi ginagawang Cristiano ang isang tao. *Sa halip*, ito'y pagpapahayag sa siya'y Cristiano na.

- Sa Bagong Tipan, *hindi mapaghihiwalay* ang bautismo sa pananampalataya.

**Basahin: Galacia 3:26-27** (ihambing sa Colosas 2:12)

(q) Ang Bagong Tipan ay *hindi tinatanggap* ang:

[1] Binabautismuhang *hindi* mananampalataya

[2] Mananampalataya na *hindi* binabautismuhan

**(r) Pamamaraan ng Bautismo: Paglulubog sa Tubig sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.**

 **Tandaan:** Ang salitang *"bautismuhan"* sa Griyego ay *"baptizõ"* na ibig sabihin ay *ilubog.*

(r) May mga salitang Griyego para sa pagwiwisik o pagbubuhos, ngunit *hindi sila ginamit* sa pagba-bautismo.

**Konklusyon:** Maling kaisipan na palitan ang paraan ng paglulubog ng ibang pamamaraan na ginagamit sa pagbabautismo.

**Kahalagahan:** Ito'y napakagandang paghahalintulad o paglalarawan ng pakikipag-isa sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo.

*KAHULUGAN: Ano Ang Ipinapahayag ng Bautismo?*

- **Ito'y Paghahayag sa Publiko ng Pakikipag-isa kay Crsito**

**Basahin: Roma 6:1-6**

 **Tandaan:** Sa pagpapaalala ni Pablo sa mga Cristiano tungkol sa pamumuhay ng may kabanalan, bumalik siya sa kanilang ipinahayag na pangako noong sila'y bautismuhan.

**Konklusyon**: Ang bautismo ay isang seryosong pangako ng ating pakikipag-isa kay Cristo—isang pangako ng nagnanais na maging kawangis o katulad ni Cristo.

- **Ito'y Pagtanggap Sa Tipanang Pagiging Kaanib Sa Lokal Na Iglesya**

***Basahin: Gawa 2:41-47***

 **Tandaan**: Ang bautismo ay naghahatid ng malalim na pakikisama (*fellowship*) sa kapwa nabautismuhang kaanib sa iglesya.

 **Hamon:** Kung itinuturing mong Cristiano ang iyong sarili, tinatanggap mo ba na ang unang hakbang ng pagsunod kay Cristo ay ang pagpapabautismo?

**<u>Aralin 15</u>**:

**Mga Prinsipyo sa Pamumuhay Kristiyano**

**Panimula**: Bilang isang Kristiyano, mahalagang makita ang mga pangunahing prinsipyo ukol sa pamumuhay Kristiyano at siya'y mahamon tungo sa Kristiyanong paglago… Sa iyong Kristiyanong karanasan, ano ang nakikita mong higit kang nahihirapang harapin? Ano ang madaling harapin?

**An g** pagsasabuhay sa buhay Kristiyano ay malawak na kakaharapin at napapalooban ng maraming mga isyu. Ngunit makatutulong na isa-isip ang ibang ***Mga Pangunahing Prinsipyo*** na kinapapalooban bilang Kristiyano…

***Pakikibaka sa Kasalanan*** (Struggle with Sin)

Babala: Ang pagpapakilala sa ngayon ukol sa Buhay Kristiyano bilang puno ng mga pagpapala at katagumpayan; kadalasan ito'y nauuwi sa kababawan at pagiging 'di totoo… Ang Kristiyano ay sinisikap na i-akma ang larawan na hindi naman angkop/tunay, ngunit ito ay hindi biblikal

<u>Basahin</u>*: Roma 7:22-25*; *Galatia 5:17*

Pansinin: Ang Kristiyano ay nararanasan ang pwersa ng sumasalungta na kapangyarihan/presensya sa kanya… Kadalasan nagre-resulta ito nang pagkakasalungat (conflict) sa pamumuhay Kristiyano…
*Tanong*: Ano ang dapat na maging tuon ng pansin ng Kkristiyano?

Basahin: Roma 8:12-14
1. *Pagpatay sa Kasalanan* (Mortifying Sins) = pinapatay ang kasalanan; pagpapahina sa pamumuno ng kasalanan… Ating suriin ang ating pagharap/pag-uugali sa kasalanan na taliwas sa layunin ng pagpapahina sa kasalanan…
2. *Paglinang ng mga Kagandahang-asal* (Cultivating Gracious Virtues) = ang kasalanan ay mapagtatagumpayan lamang kung ang kagandahang-loob ang papaghariin… 2Pedro 1:5-9

**Hamon**: Ang Kristiyano ay mayroon dapat mga espisipikong kasalanan upang patayin/pahinain at kagandahang-loob/asal na lilinangin… Ito ay mga usapin para sa iyong buhay-Kristiyano na kailangang harapin.

***Pamamaraan ng Biyaya*** (Means of Grace)

<u>Konsepto</u>: Ang biyaya ng Diyos ay laging laan sa Kristiyano sa kanyang araw-araw na paglakad, ngunit ito ay nakapaloob sa mga pamamaraan na dapat niyang matapat na gamitin/isagawa

<u>Kilalanin</u>: Mga mahahalagang pamamaraan ng biyaya…
*Hebreo 10:23-25*—Pagtitipon ng iglesia
*1Pedro 2:1-3*—Paglago/Pagpapakain sa Salita ng Diyos
*Santiago 4:2, 3*—Pananalangin na may espirituwal ang motibo

**Hamon**: Gumawa ng sariling—pagsusuri ng iyong pagsasagawa sa mga pamamaraang ito ng biyaya. Saan ka mas nagkakaroon ng problema?

**Babala**: Maliban tayo ay seryoso sa mga pamamaraan, hindi natin maaaring masabi na tayo ay seryoso sa biyaya ng Diyos mismo.

***Pang-mundong Bokasyon*** (Earthly Vocation)

Konsepto: Anuman ang kinalalagyan mo sa buhay, ito ay para sa Panginoon sa Kanyang sariling kaluwalhatian. Kaya, dapat ipagpatuloy ang iyong gawain/trabaho alang-alang para sa Panginoon

Basahin: *Colosas 3:17-23*

Pansinin: Kahit bialng gawaing pambahay na trabaho, katulad ng isang alipin ay dapat tanawain ito bilang para sa Panginoon…

1. Huwag itong isagawa ng hindi pagiging tapat at may makasariling pakinabang… Efeso 4:28
   Punto: Ang trabaho ay dapat may pagtanaw ng paglilingkod—paano ka makakatulong sa iba?
2. Palaging isaalang-alang ang iyong patotoo sa paningin ng mga ‘di-manananampalataya… Colosas 4:5, 6
   Punto: Ang karaniwang dapat isagawa, katulad ng paggamit ng oras, pakikipag-usap at iba pa ay may malakas na dating (impact) sa mga “tagalabas” – ‘di-manananampalataya…

**Hamon**: Saang bahagi ng iyong buhay Kristiyano sa iyong palagay na kailangan mo nang higit na paglalapat ng aplikasyon nang mga prinsipyong